Aalisin na ang Health Insurance Card sa Disyembre 2, 2024

*Para sa transisyon, magagamit ang kasalukuyang health insurance card hanggang 1 taon mula sa petsang ito

Myna Health Insurance Card

Nagsisimula na!

Sa pagpapatingin ng medical institution.

Gamit ang Myna Health Insurance Card

*Myna Health Insurance Card...My Number Card na ipinarehistro bilang Health Insurance Card (tingnan sa likod kung paano mag-apply)

Gamitin natin mula ngayon!Ano ba ang nagbago?

Merit 1 Makatatanggap ng mas mabuting kalidad ng pagpapagamot sa pamamagitan ng pagbabahagi ng impormasyong medikal!!

Kapag nagpatingin ka gamit ang iyong Myna Health Insurance Card, maibabahagi mo sa ibang mga doktor at ibang medical institution kahit na unang beses pa lamang ang iyong mga partikular na check-up, mga gamot at impormasyong medikal para mabigyan ka ng mas wastong paggamot.

(Kung nais lamang ng pasyente)

Sa nakasanayang health insurance card

Kung online verification ng credential

Sabi ng doktor

Q Ano ang pakinabang kung mayroong online verification ng credential?

A Batay sa mas maraming impormasyon, posible ang mas wastong pagsusuri, at mas maayos na paggamot (pagrereseta)

Hindi maganda ang epekto sa pasyente kung muling reresetahan namin ng analgesic gayong naresetahan na siya ng ibang ospital. Dahil sa nakikita ang impormasyon sa gamot at pagpapatingin na ginawa sa kaniya, naiwasan na maresetahan siya nang doble.

Merit 2 Hindi na kailangan ang anumang patakaran at wala nang mahal na babayaran !!

Kapag nagpatingin gamit ang Myna Health Insurance Card, kahit walang certificate of Eligibility for Ceiling Amount Application, basta pumayag ang mismong pasyente, ayon sa high-cost medical care expense system, hindi kailangang magpaunang bayad sa mga gastos sa pagpapagamot na lampas sa limit.Hindi kailangan ang mag-proseso sa Japan Health Insurance Association.

Sa nakasanayang health insurance card

Kung online verification ng credential

Sabi ng pasyente

Q Ano ang pakinabang kung mayroong online verification ng credential?

A Kahit na hindi mag-apply, nabawasan agad ang babayaran sa counter

Biglaan akong naospital, nang subukan kong mag-apply para sa certificate of Eligibility of Ceiling Amount sa Japan Health Insurance Association, sinabihan ako na maghintay ng 1 linggo. Dahil sa Myna Health Insurance Card, ang bayad sa counter ay nabawasan kahit na wala pa ang certificate, na malaki ang naitulong.

Para sa detalye ng mga benepisyo ng Myna Health Insurance Card, mangyaring i-check ang 2D barcode sa kanan.

Ang video na "Bakit ito kombinyente?" ▶ Mga Benepisyo]ay nilikha ng Ministry of Health, Labor and Welfare

Q Bakit kailangan ang online verification ng credential ayon sa Myna Health Insurance Card?

A Maiiwasan ang iligal na paggamit sa mga insurance cards, at magiging daan para mabawasan ang dami ng trabaho ng mga medical professional

Gamit ang Myna Health Insurance Card, mabilis mong mabeberipika ang iyong pagkakakilanlan, malalaman mo ang iyong mga credential para sa health insurance, at maiiwasan ang identity theft at iligal na paggamit, at magiging episyente ang palakad ng mga medical institutions.
Hinihingi namin ang iyong pag-unawa at kooperasyon sa paglayon sa isang maasahang health insurance system.

Para sa higit pang impormasyon sa paggamit ng My Number Card, i-check ang 2D barcode sa kanan.
Ang video na [Paano gamitin ito?] ▶ Pagsasanay] ay nilikha ng Ministry of Health,Labor and Welfare

Madaling proseso! Ano ang proseso para magamit bilang health insurance card ang My Number Card?

Upang magamit ang iyong My Number Card bilang health insurance card, kailangan na ikaw mismo ang magparehistro para sa paggamit nito. Kahit na wala kang planong gamitin ito, mangyaring magparehistro nang maaga hangga't maaari.

Maaaring magparehistro ng Health Insurance Card dito

Myna portal

Madali gamit ang smartphone!

Makukumpirma sa Myna portal ang "Impormasyon sa Medical Fee" at "My Credential Information".Magagamit din ito sa application ng tax return at payment.

Card reader counter ng Medical Institution

Madaling gawin kapag magpapatingin!

Seven Bank ATM

I-swipe ang card, at ilalagay lang ang 4 digits na code!

Counter sa munisipyo

Para sa higit pang impormasyon sa pag-apply My Number Card, i-check ang 2D barcode sa kanan.
Ang video na]Paano mag-apply? ▶ Makkuha agad! Easy Application] ay nilikha ng Ministry of Health, Labor and Welfare

Para sa mga wala pang My Number Card, mag-apply muna tayo nito.
My Number general site ▶

Subukan nating gamitin! Myna Health Insurance Card

Nilikha ng Japan Health Insurance Association ang video na "Subukan nating gamitin! Myna Health Insurance Card" na nagpapaliwanag tungkol sa Myna Health Insurance Card sa tulong ng Federation of Health Insurance Societies.
Sa video, bukod sa mga benepisyo at kung paano gamitin ang Myna Health Insurance Card, ipinakikilala rin kung paano magbabago ang sistema dahil sa pag-alis sa health insurance card sa Disyembre 2024.
Basahin ang mas detalyadong paliwanag tungkol sa Myna Health Insurance Card.

"Subukan nating gamitin! My Number Health Insurance Card"

Ang Japan Health Insurance Association ay magsisikap sa pagsusulong sa kalusugan ng mga miyembro nito at isasakatotohanan ang kaligtasan at seguridad ng mga miyembro upang sila ay makatanggap ng mataas na kalidad at episyenteng pangangalagang medikal kaya't hinihingi namin ang iyong pakikipagtulungan.

全国健康保険協会
協会けんぽ

Narito ang contact details ng sangay ng Japan Health Insurance Association